

Buod ng mga Pagbabago na Magkakabisa sa Nobyembre 17, 2020 ng Executive



Mga Pagbabago na Magkakabisa sa Nobyembre 17, 2020

Noong Nobyembre 16, 2020, inilipat ng Estado ang County ng Santa Clara patungo sa Purple na Antas (Unang Antas), ang pinakamahigpit na antas sa "Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya" ng Estado. Ang mga pagbabago ay magkakabisa sa 12:01 am sa Nobyembre 17, 2020. Sa ilalim ng Purple na Antas, ang mga sumusunod na negosyo at aktibidad ay ipinagbabawal na magpatakbo sa loob: kainan, pagtitipon (kabilang ang mga pagpapakita ng pelikula, kaganapang pampulitika, kasal, libing, at lugar ng pagsamba), gym at fitness facility, sentro ng aliwan ng pamilya, cardroom, museo, zoo, at aquarium. Ang mga negosyo at aktibidad ay maaari lamang magpatakbo sa labas.

Ang bagong [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Limitasyon sa Kapasidad](#) ng County ay naglalarawan ng mga karagadagang limitasyon sa kapasidad para sa mga negosyo, entidad, at mga aktibidad sa ilalim ng Purple na Antas.

Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib

Ang Binagong Kautusan ("Kautusan") ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay inilabas noong Oktubre 5, 2020 at nagkabisa noong Oktubre 14, 2020. Ang Kautusan ay pumapayag na magpatakbo ang halos lahat ng mga negosyo sa County kung pinapayagan sila ng Estado na magbukas sa ilalim ng "[Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya](#)," ng Estado, na nagtataguyod ng mga paghihigpit sa buong estado na nalalapat sa bawat "antas" kung saan itinalaga ang mga county.

Ang COVID-19 ay patuloy na nagdudulot ng matinding panganib sa mga residente ng Santa Clara County, at ang Opisyal ng Pangkalusugan ay naghihikayat sa mga resident na patuloy na gawin ang pag-iingat, kabilang ang pagpanatili sa bahay hangga't maaari, pagbawas sa paghalubilo sa mga taong nasa labas ng sariling sambahayan, pagpanatili ng pagdistansya sa ibang tao, pagsuot ng mga panakip sa mukha, at paglipat ng maraming aktibidad sa labas hangga't maaari. Ang mga indibidwal na may edad 50 pataas at ang may mga malubhang medikal na kondisyon ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa COVID-19. Ang mga panloob na pagtitipon ay ang mga aktibidad na may mataas na panganib.

Sa ibaba ay ang mga pangunahing panuntunan sa ilalim ng Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib:

Alinsunod sa Plano ng Estado: Maliban kung natukoy sa Kautusan ng County o sa mga Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba, ang mga negosyo ay pinapayagan na magbukas hanggang sila ay pinapayagan sa ilalim ng Plano ng Estado at sa mga paghihigpit na naaangkop sa mga antas kung saan itinalaga ang County.

Mga Kinakailangan na Naaangkop sa Lahat ng Negosyo: Ang Binagong Kautusan ay nagpapatuloy na nangangailangan sa lahat ng mga negosyo na sumunod sa hanay ng mga pununtunan upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, kabilang ang:

1. **Telework:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat magpatuloy na mangailangan sa mga manggagawa na gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay hangga't maaari. Ang mga

Sa ibaba ay ang mga pangunahing panuntunan sa ilalim ng Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib:

manggagawa ay maaari lamang pumunta sa trabaho para makumpleto ang mga tungkulin ng trabaho na hindi nila makukumpleto mula sa bahay.

- Mga kinakailangan ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat magkumpleto at magsumite ng isang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa website ng County sa [COVID19Prepared.org](https://www.sccgov.org/public-health/COVID19Prepared.org). **Ang mga Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na isinumite bago mag-Oktubre 11, 2020 ay wala ng bisa.** Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat na mapunan gamit ang na-update na template para sa Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa [COVID19Prepared.org](https://www.sccgov.org/public-health/COVID19Prepared.org).
- Pag-uulat ng positibong kaso:** Ang lahat ng mga negosyo (at mga entidad na panggobyerno) ay ligal na kinakailangan na mag-ulat sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan sa loob ng 4 na oras kung nalaman nila na sinuman sa kanilang mga manggagawa ay nakumpirmang positibo sa COVID-19. Dapat din nilang tiyakin na ang mga manggagawa ay mag-alerto sa kanila kung sila ay nasuring positibo.
- Limitasyon sa Kapasidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa mga naaangkop na limitasyon sa kapasidad na itinatag sa [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Limitasyon sa Kapasidad](#).